

# TULONG SA LENGGUWAHE/WIKA PARA SA MGA BOTANTENG TAGA-CALIFORNIA

Narito ang mga nararapat ninyong malaman upang makaboto sa Hunyo 2022 sa Filipino/Tagalog

## Madaliang tip!

Kung mayroong mga naisaling materyales sa inyong lugar, ito ay ipapadala sa inyo sa koreo ng libre. Puntahan ang [voterstatus.sos.ca.gov](http://voterstatus.sos.ca.gov) upang makita kung tama ang nakalagay na lengguwahe na nais ninyo sa inyong profile. Kung hindi ito tama, i-update ito sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina ng eleksyon o muling pagrerehistro sa [registertovote.ca.gov](http://registertovote.ca.gov).

## Maaari kayong magkaroon ng taong tutulong sa inyo sa lugar mismo ng botohan habang bumoboto:

Kung may mga trabahador na nagsasalita ng Filipino/Tagalog sa inyong lugar ng botohon o sentro ng botohan, dapat sila ay may suot na tsapa, laso o sagisag na nagsasaad ng mga lengguwaheng kanilang sinasalita. Dapat ay mayroon din silang pahayag na nagpapakita kung mayroong nagsasalita ng Filipino/Tagalog doon.

Maaari kayong magsama ng hanggang dalawang tao upang kayo'y tulungan sa pagboto basta't ang mga taong ito ay hindi kinatawan ng inyong employer o unyon. Magsama ng kapamilya o kaibigan!

## Ang lahat ng mga materyales sa pagboto ay isasalin kung kayo ay nakatira sa isa sa mga lalawigang ito:

Alameda (510) 272-6973	San Mateo (650) 312-5222
Los Angeles (800) 815-2666	Santa Clara (408) 299-8683 o (866) 430-8683
San Diego (858) 565-5800 o (800) 696-0136	

## KUNG KAYO AY BOBOTO MULA SA BAHAY:

Ang lahat ng mga materyales para sa eleksyon ay dapat na mayroong salin sa Filipino/Tagalog kabilang ang impormasyong gabay para sa botante at ang inyong mismong balota. Makipag-ugnayan sa inyong panlalawigang opisina ng eleksyon upang manghingi ng naisaling balota at mga materyales.

## KUNG KAYO AY BOBOTO NG PERSONAL:

Ang lahat ng mga materyales sa eleksyon ay isasalin sa inyong lugar ng botohan o sentro ng botohan, kabilang ang mga balotang paglalagyan ninyo ng inyong boto.

**Ang mga naisaling materyales ay maaaring magamit kung ikaw ay nakatira sa isa mga lalawigan ito:**

Contra Costa (925) 335-7800	San Bernardino (909) 387-8300
Fresno (559) 600-8683	San Francisco (415) 554-4375
Kern (661) 868-3590 o (800) 452-8683	San Joaquin (209) 468-8683
Kings (559) 852-4401	San Luis Obispo (805) 781-5228
Mariposa (209) 966-2007	San Mateo (650) 312-5222
Monterey (831) 796-1499	Santa Barbara (805) 568-2200 o (800) 722-8683
Napa (707) 253-4321	Solano (707) 784-6675 o (888) 933-8683
Orange (714) 567-7600	Sonoma (707) 565-6800 o (800) 750-8683
Placer (530) 886-5650	Sutter (530) 822-7122
Riverside (951) 486-7200	Tulare (559) 624-7300
Sacramento (916) 875-6451	Ventura (805) 654-2664

**Kung kayo ay boboto mula sa bahay:**

Depende kung saan kayo nakatira, ang Filipino/Tagalog na balotang “facsimile” ay maaaring matanggap sa koreo. Ang balotang facsimile ay isang halimbawang balotang nakasalin (hindi maaaring lagyan ng boto) na makakatulong para inyong maintindihan at masagutan ang inyong Ingles na balota. Makipag-ugnayan sa inyong panglalawigan opisina ng eleksyon upang humingi ng balotang facsimile.

**Kung kayo ay boboto ng personal:**

Ang tulong para sa lengguwahe ay nakadepende kung saan kayo nakarehistro sa pagboto. Kung mayroong tulong sa Filipino/Tagalog, makakakita kayo ng naisalin na paskil ng halimbawang balota. Dapat ay mayroong mga kopya na maaari ninyong dalhin sa puwesto ng botohan upang makatulong sa inyo sa pagboto sa Ingles na balota.

**Kung kayo ay nakatira sa isang lalawigan na hindi nakalista sa itaas, ang mga balotang nakasalin sa Filipino/Tagalog at tulong sa lengguwaheng ito ay hindi available.**



@aaaj\_alc



@asianlawcaucus



@aaajalc

[advancingjustice-alc.org](http://advancingjustice-alc.org)